ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAUS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-3 NG MARSO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. ODejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 055-T'99

KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. PUNUNLALAWIGAN JOSE D. LINA, JR. NA IPAGKALOOB SA PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA ANG HALAGANG APATNARAANG LIBONG PISO (P400,000.00) UPANG MAGAMIT SA PAGTATAYO NG BAHAY SILUNGAN AT PAGSASAAYOS NG MGA POSTE NG ILAW AT KAWAD NG KURYENTE SA PAMBAYANG PALARUAN, TANGGAPAN NG KALUSUGAN, TANGGAPAN NG PAMATAY-SUNOG, "EQUIPMENT POOL", GUSALING ESCOLAPIA, NA LAHAT AY NASA LUGARIN NG GUSALING PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ.

**SAPAGKA'T,** matapat na hangarin ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na maisaayos ang Bahay-Silungan, poste ng ilaw at kawad ng kuryente, sa mga lugaring nabanggit sa itaas nito para sa kapakinabangan ng mga manlalaro, paglilingkuran at maging sa pagsasagawa ng mga gawaing pang-edukasyonal at pangkultura;

**SAPAGKA'T,** ang mga nabanggit na pagawain ay nangangailangang isakatuparan at isaayos para sa pangangalaga ng ating mga mga mamamayan;

**SAPAGKA'T,** walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan upang maisagawa ang mga nabanggit na proyekto;

**SAPAGKA'T,** ang naturang halaga ay silbing gantimpala ng mga manlalaro para sa bayang ito sa nakaraang Governor's Cup Intertown Basketball Tournament sa lalawigang;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na hilingin sa Kgg. Pununlalawigan Jose D. Lina, Jr. na ipagkaloob sa pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna ang halagang P400,000.00 upang magamit sa pagtatayo ng Bahay-Silungan at pagsasaayos ng mga poste ng mga ilaw at kawad ng kuryente sa Pambayang Palaruan, Tanggapan ng Kalusugan, Tanggapan ng Pamatay-Sunog, "Equipment Pool", Gusaling Escolapia, na lahat ay nasa lugarin ng Gusaling Pamahalaang Bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Lalawigan, Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Panlalawigang Tagatuos, Panlalawigang Ingat-Yaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:**

**HEIDI S. CIRIACO**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

**DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan